

Pagbasa bilang makrong pangwika: Pagsusuri sa pag-unawa at kasanayan ng piling mag-aaral sa kolehiyo

Guzman, Rodel B. ✉

Isabela State University, Philippines (rodel.b.guzman@isu.edu.ph)

Received: 30 June 2026

Available Online: 13 July 2026

Revised: 6 July 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26297

Accepted: 11 July 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Reading is an essential language and life skill that significantly impacts the personal, social, and economic development of an individual and society at large. Often viewed as a gateway to infinite knowledge, reading warrants rigorous academic study. This descriptive-correlational research assessed the reading comprehension levels and reading skills of selected college students. The participants were predominantly female, aged 20 to 21, native Tagalog speakers, and possessed substantial reading experience. The findings revealed that while the students generally demonstrated a satisfactory level of reading comprehension, their critical and interpretative dimensions were low and their specific reading skills were poor. Statistically, female students and those with high reading engagement exhibited significantly higher comprehension levels than their peers. Conversely, no significant differences in comprehension were found when participants were grouped by age and first language. Regarding specific reading skills—particularly categorizing ideas and information, and interpreting maps, charts, graphs, and tables—older female students and those with frequent reading engagement scored higher. Finally, the study established a significant positive correlation between reading skills and reading comprehension. The findings of this study corroborate existing literature on reading comprehension and literacy research within the country. Pedagogically, these results underscore a critical, glaring need to address deficits in reading skills and comprehension, even at the collegiate level. To mitigate these gaps, multimodal literacy instruction may be intentionally and systematically integrated into the higher education curriculum. Furthermore, targeted reading assessments and classroom activities must shift away from simple, low-level recall questions toward fostering higher-order thinking skills (HOTS) ensuring that the appropriate art of questioning is given emphasis. Finally, academic institutions may actively cultivate a robust and positive culture of reading among students to sustain long-term literacy development.

Keywords: reading, reading skills, comprehension, macro skills, Filipino subject

Pagbasa bilang makrong pangwika: Pagsusuri sa pag-unawa at kasanayan ng piling mag-aaral sa kolehiyo

1. Abstrak

Ang pagbasa ay isang kasanayang itinuturing na sus isa iba't ibang kaunlarang panlipunan. Pinaniniwalaang ang pagbabasa ay bukana patungo sa walang hanggang kaalaman. Dahil dito, mahalagang pag-aralan ang pagbasa bilang kasanayang makro. Ang *descriptive-correlational* na pag-aaral na ito ay nakapokus sa pagsusuri sa antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagbasa ng piling mag-aaral sa Filipino. Batay sa resulta ng pag-aaral, pinakamarami sa mga tagatugon ang may edad 20 hanggang 21, babae, madalas magbasa at Tagalog ang unang wika. Napatunayan sa kabuuan na ang mga mag-aaral ay mahusay sa antas ng pag-unawa sa pagbasa, samantalang ang mga mag-aaral ay hindi lubhang mahusay naman sa mga kasanayan sa pagbasa. Napatunayan sa pag-aaral na walang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral kung sila ay nakagrupong batay sa edad at unang wika. Sa kabilang dako, lumitaw na mas mataas ang antas ng pag-unawa ng mga babae kaysa sa lalaki. Lumabas sa pag-aaral na mas mataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral na napakadalas magbasa. Napatunayan na mas mahusay ang mga mag-aaral na may edad 24 hanggang 25 at babae sa pag-uuri ng mga ideya at detalye. Lumabas din sa pag-aaral na mas mahusay ang mga mag-aaral na babae at may edad 18 hanggang 19 sa pagbibigay interpretasyon sa mapa, tsart, grap at talahanayan. Napatunayan din sa pag-aaral na mas mahusay ang mga mag-aaral na napakadalas magbasa sa pagbibigay interpretasyon sa mapa, tsart, grap at talahanayan. Samantala, lumabas sa pag-aaral na walang mahalagang pagkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral kung ibabatay sa kanilang unang wika. Natuklasan na may relasyon sa pagitan ng antas ng pag-unawa at antas ng kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral kung saan nakatutulong ng pagpapataas sa antas ng kasanayan sa pagbasa ang pagpapataas sa antas ng pag-unawa sa pagbasa.

Mga Susing-salita: pagbasa, antas ng pag-unawa, kasanayan sa pagbasa, Filipino, mag-aaral sa kolehiyo

2. Introduction

2.1 Ang Kalikasan at Kahalagahan ng Pagbasa sa mga Mag-aaral na Pilipino

Ang pagbasa bilang bahagi ng makrong kasanayang pangwika ay makabuluhang kasangkapan sa pagtatamo ng kaalaman at kasanayang kinakailangan upang epektibong makalahok sa mga sistema at prosesong panlipunan (Concepcion et al., 2025; Sunio & Guzman, 2024). Ang pagbasa ay ang kakahayang unawain ang mensahe ng nakalimbag na simbolo tulad ng letra, kulay, mga pahiwatig at iba pa. Hindi maituturing na pagbasa ang isang gawain kung walang magaganap na pag-unawa. Maaaring ang mag-aaral ay may kakayahang kilalanin ang simbolo, bigyan ng angkop na tunog ang mga nakalimbag na simbolo subalit kung hindi niya mabibigyang ng angkop na kahulugan ang mga simbolong ito, maituturing na hindi nagbabasa ang mag-aaral. Bukod dito, kabilang ang pagbasa sa mga pangunahing panukan ng literasiya. Dahil dito, malaking bahagi ng kasalukuyan at nagdaang mga kurikulum sa edukasyon ang nakapokus sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan sa pagbasa tungo sa pagpapaunlad ng kakayahang umunawa ng mga mag-aaral na Pilipino.

Malapit ang ugnayan ng kakayahang umunawa o komprehensiyon ng mga mag-aaral at ang kanilang tagumpay sa pag-aaral (Camino et al., 2024). Ang kakayahan ng mag-aaral na pag-unayin ang iba't ibang konsepto, pagkilala sa mga ugnayan, at lumikha ng mga kahulugan mula sa mga ito ay matatamo lamang sa pagpapaunlad ng komprehensiyon (Villanueva, 2025). Dagdag pa rito, sa ika-21 siglo, ang mamamayan ay kailangang magtamo ng mga kaalaman at kasanayan kaugnay ng pagkuha, pagkonsumo, pagsusuri at pagbabahagi ng kaalaman at impormasyon gamit ang iba't ibang pamamaraan. Dahil dito, mahalaga ang pagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa at komprehensiyon (Dela Cruz et al., 2026).

May positibo ring ugnayan ang kaunlarang pang-ekonomiya ng bansa at kakayahan at kasanayan ng mamamayan nitong bumasa (Bernales, Atienza, at Talegon, 2008). Lumilitaw sa mga pag-aaral na ang mamamayang may mas mataas na kaalaman at kasanayang bumasa ay may maayos na trabaho at sweldo, nakapamimili ng mas maayos na lider at may mas maayos na kalusugan. Dagdag pa, sa Asya ayon kay Guillermo (2015), ang mga bansang nakaaangat ay mga bansang nagbabasa. Sa mga bansa sa Asya, nanguna sa listahan ang mga taga-Vietnam na nakababasa ng 60 aklat kada taon. Sumunod naman ang mga Hapon na may 50 aklat, mga Singaporean na may 45 at mga Malay na may 40. Kaya naman maituturing na mahalagang aspeto ng personal at panlipunang pag-unlad ang kakayahan ng mga mamamayan na magbasa at umunawa.

Sa mga guro sa Filipino, isang mahalang tungkulin ang pagpapaunlad sa kasanayan at pag-unawa sa pagbasa ng kani-kanilang mga mag-aaral (Gelilio & Janer, 2021; Saraos, 2021). Karaniwang ginagamit ng guro ang iba't ibang dimesiyon sa pagbasa bilang pangunahing parametro sa pagsusuri sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga kaalaman at kasanayang ito ang pag-aalala at pagsusuri sa mga tiyak at di-tiyak na detalye at impormasyon ng teksto, pagsusuri sa kawastuhan ng impormasyon at pag-uugnay sa mga ito sa sariling karanasan, at kakayahang tignan ang binabasa bilang produkto ng sining (Sunio & Guzman, 2024). May mga kasanayan ding kailangang linangin ang sinomang mambabasa upang siya ay maging epektibo sa pagbabasa lalo na sa akademikong teksto (Carranza, Manga, Dio, Jamora, & Romero, 2015). Ang mga kasanayang ito ay ang pagtukoy sa hulwaran ng organisasyon ng teksto, pag-uuri ng mga ideya at detalye, pagtukoy sa layunin ng teksto, pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto, pagkilala sa pagkakaiba ng opinyon at katotohanan, pagsusuri kung katanggap-tanggap o hindi ang ideya o pananaw, at ang huli ay ang pagbibigay-interpretasyon sa mapa, tsart, graph, at talahanayan (Bernales, Atienza & Talegon, 2008). Kung walang ganap na pag-unawa sa nilalaman ng tekstong binabasa, hindi ito maituturing na pagbabasa. Bagkus, maituturing lamang ang mga ito na paglikha ng mga tunog o pagkilala sa mga simbolong nakalimbag- mga panimulang kasanayang sa pagbasa (Guimba, & Alico, 2015).

2.2 *Ang Estado ng Komprehensiyon at Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral na Pilipino*

Mahilig magbasa ang mga Pilipino (Rivero, 2016), subalit, kulang na kulang ang kanilang binabasa (Guillermo, 2015, Mirasol, 2019). Ang maraming bilang ng mga Pilipino ay nakababasa lamang ng hindi tataas sa limang libro kabilang ang Bibliya, *cookbook* at *pocketbook* na pinakamadala basahin ng nakararaming Pilipino (Guillermo, 2015). Mahina rin ang mga mag-aaral na Pilipino na magbigay ng angkop na pakahulugan sa mga nababasang teksto (Villanueva, 2025). Dagdag pa, malaking bahagdan din ng mga mag-aaral ang umaasa lamang sa tulong ng kanilang guro kaugnay ng pagpapakahulugan sa tekstong kanilang binasa (Akbaşlı, Şahin, & Yaykiran, 2016). Sa report na inilabas ng PISA (Programme for International Student Assessment) noong 2019, natuklasan na sa 79 na bansang kalahok sa pagsusulit, ang Pilipinas ang may pinakamababang puntos sa antas ng komprehensiyon sa pagbasa (San Juan, 2019). Pinatatatag ng EDCOM 2 ang resulta ng pagsusuri ng PISA. Sa datos ng EDCOM 2, patuloy na bumababa ang *proficiency level* ng mga mag-aaral. Ang *proficiency level* ng mga mag-aaral sa Baitang 3 ay 30% subalit makikita ang matindi nitong pagbaba sa 0.47% pagtuntong ng mag-aaral sa Baitang 12. Ang ganitong sitwasyon ay lumilitaw din kahit sa resulta ng *National Achievement Test* (NAT). Sa pagsusuri nina Reyno at Guzman (2025), napatunayang mababa ang komprehensiyon ng mga mag-aaral na repleksiyon ng napakababang iskor sa mga erya ng *problem solving*, *critical thinking* at *information literacy*- mga erya na naapektuhan ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na bagaman may kakayahan ang mga mag-aaral na alalahanin ang mga tiyak na detalye at impormasyong kanilang nababasa, wala naman silang kakayahang iproseso ang mga ito upang maging mahalagang salik sa pag-unawa sa sarili, sa kanilang karanasan o sa lipunang ginagalawan. Ipinaliliwanag din nina Caringal at Carada (2024) at De Vera (2022) na ang mababang komprehensiyon ng mga mag-aaral na Pilipino ay pinalala pa ng pandemya. Dahil sa pagsasara ng mga paaralan, lubhang naapektuhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa. Sa report ng World Bank, tatlo (3) sa bawat 20 mag-aaral na Pilipino lamang ang may kakayahang magbasa ng mga simpleng teksto noong 2021.

2.3 Konteksto ng Pag-aaral

Ang resulta ng pandaigdigang pagtataya sa kakayahang bumasa, umunawa, maging sa kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang kanilang mga nababasang impormasyon para mapabuti ang kanilang sitwasyon ay hindi nalalayo sa konteksto ng mga mag-aaral sa probinsiya ng Isabela. Sa mga isinagawang pananaliksik sa batayang edukasyon at sa mga paaralang pampubliko o pampribado man, halos pareho ang suliraning kinakaharap ng mga guro at mag-aaral sa usapin ng kasanayan sa pagbasa at komprehensiyon ng mga mag-aaral. Napatunayan nina Perez (2019) at Rivero (2016) na sadyang mahinang bumasa at mababa ang komprehensiyon ng kani-kanilang mga mag-aaral sa pribadong paaralan sa batayang edukasyon. Dagdag pa, natuklasan naman ni Saraos (2021) sa kanyang pag-aaral na maraming mag-aaral ang nahihirapang magbigay ng kahulugan sa tekstong binabasa lalo na kung gumagamit ang mga ito ng komplikadong mga termino. Bukod pa rito, sa pananaliksik nina Pasenos (2020) at Sunio at Guzman (2024) na limitado ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa sekundarya na nakakaapekto naman sa kanilang kakayahang umunawa sa mensahe ng tekstong binabasa-literari man ito o siyentipikong papel. Sa pag-aaral naman ni Berganio (2014) at Guillermo (2009), lumilitaw na bagaman halos mas mahusay bumasa at may kakayahan ang mga babaeng mag-aaral na magtamo ng mga kinakailangang kasanayan para sa matagumpay na karanasan sa pagbabasa, kapwa ang mga babae at lalaking mag-aaral ay mahihinang magbasa at may limitadong bilang ng talasalitaan.

Sa kabila ng iba't ibang mga pananaliksik sa larangan ng pag-unawa, komprehensiyon at kasanayan sa pagbasa, maging sa konteksto ng probinsiya ng Isabela, limitado pa rin ang mga ito sa lebel ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Makabuluhan lalo na sa mga mag-aaral sa kolehiyo ang magkaroon ng iba't ibang kasanayan sa pagbasa dahil magagamit nila ang mga ito upang mapadali ang kanilang karanasan sa mga gawaing kaugnay ng iba't ibang asignatura sa larangan ng humanidades, agham, information and communication technology at iba pang teknikal na larangan. Makabuluhan kung gayon ang pananaliksik na ito upang matugunan ang limitadong korpus ng pananaliksik sa larangan ng komprehensiyon at pagbasa lalo na sa mga mag-aaral sa kolehiyo. Dagdag pa, makatutulong ito upang patuloy na magbigay ng mga ebidensiyang batay sa pananaliksik na magagamit ng mga guro sa kolehiyo para maiakma ang dulog sa pagtuturo at makabuo ng mga interbensiyon na makatutulong sa pagpapabuti ng kakayahang bumasa at umunawa ng mga mag-aaral.

2.4 Layunin ng Pag-aaral

Binigyan ng kasagutan sa pananaliksik na ito ang sumusunod na mga tiyak na layunin:

- Ilarawan ang *profile* ng mga mag-aaral sa kolehiyo batay sa sumusunod: edad; kasarian; dalas ng pagbabasa sa isang araw; at, unang wika.
- Tukuyin ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na dimensiyon: pag-unawang literal; interpretasyon; mapanuring pagbasa; aplikasyon; at, pagpapahalaga.
- Suriin ang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral kung sila ay nakagrupong batay sa kanilang *profile*.
- Tiyakin ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod: hulwaran ng organisasyon ng teksto; pag-uuri ng mga ideya at detalye; pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto; pagkilala sa pagkakaiba ng opinyon at katotohanan; at, pagbibigay interpretasyon sa mapa, tsart, graph, at talahanayan.
- Tayain ang pagkakaiba sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kung sila ay nakagrupong batay sa kanilang *profile*.
- Suriin suriin ang relasyon sa pagitan ng antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

3. Methodology

Research Design - Gumamit ang pananaliksik ng disensyong descriptive-correlational. Layunin ng disensyong descriptive na ilarawan datos sa pag-aaral sa natural at kasalukuyan nitong estado at sitwayson. Sa pananaliksik, ang profile ng mga mag-aaral, gayundin, ang kanilang antas ng pag-unawa o komprehensiyon at kasanayan sa pagbasa ay isinailalim sa pagsusuri batay sa mga gabay ng disenyong ito. Dagdag pa rito, sinuri rin ang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa o komprehensiyon at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kung sila ay nakagrupa batay sa kanilang profile. Sa kabilang dako, ang correlational naman bilang diseno ay naglalayong suriin ang posibleng ugnayan sa pagitan ng mga baryabol sa pagsusuri. Sa pananaliksik, sinuri ang relasyon o ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pagbasa at antas ng pag-unawa o komprehensiyon ng mga mag-aaral.

Respondents and Sampling Procedure - Ang mga respondent sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral mula sa kolehiyo na opisyal na naka-enrol sa Asignaturang Filipino. Sa kabuuan ay 284 ang naging respondent sa pananaliksik na pinili gamit ang probability sampling technique sa pamamagitan ng 95% confidence level at 5% allowable margin of error. Naging proportional din ang pagpili sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang klase at kurso. Para sa pag-aaral, ang mananaliksik ay humingi ng permiso mula sa pamunuan ng unibersidad at ng kampus. Mula rito ay opisyal na nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga mag-aaral. Sa panimulang pakikipag-ugnayan ay ipinaliwanag ang layunin ng pananaliksik at tinukoy ang mga datos na kakalapin mula sa mga mag-aaral at inilatag ang mga prosesong pagdadaan ng mga datos na makakalap. Pagkatapos nito, pumirma sa isang consent form ang mga mag-aaral na nagpapahayag na sila ay malayang nakibahagi sa pananaliksik.

Research Instruments and Data Gathering Procedure - Pagsusulit at *checklist* ang mga pangunahing instrumento at pamaraang ginamit sa pangangalap ng datos ng pananaliksik. Ang pagsusulit ay personal na binuo ng mananaliksik batay sa mga inaasahang kompetensi sa pagbasa ng mga mag-aaral ayon sa kanilang antas. Para sa distribusyon ng mga aytem na binuo, gumamit ang mananaliksik ng *Table of Specification (TOS)* upang matiyak ang kaangkupan ng *difficulty index* ng pagsusulit batay sa mga umiiral na prinsipyo sa pagbuo ng pagsusulit. Isinailalim ang materyal na nabuo sa *validation at pilot testing* na tumiyak naman sa kaangkupan ng materyal sa layunin ng pag-aaral. Ang mga *validator* sa pananaliksik ay kinabilangan ng mga guro sa Filipino sa antas sekundarya at kolehiyo at mga ekpersto sa pagbuo ng pagsusulit. Para sa *pilot testing*, naging kabahagi dito ang 30 mag-aaral mula sa Isabela State University Angadanan campus. Nagtamo ang pinal na materyal ng *Cronbach Alpha* na 0.918 na nagsasabing mainam gamitin ang instrumento. Nangangahulugan ito na mahusay ang materyal na nabuo para sa layunin ng pananaliksik.

Statistical Treatment - Ang mga datos sa pananaliksik ay naproseso gamit ang *Statistical Package for Social Science (SPSS) Research*. Ang mga datos na nakalap para sa pananaliksik ay sumailalim sa pagsusuri gamit ang *frequency at percentages* para sa *profile* ng mga respondent partikular ang edad, kasarian, unang wika at dalas ng pagbabasa. Sa kabilang dako, ginamit naman ang *mean* upang sukatin ang dalas ng pagbasa at antas ng kasanayan ng pag-unawa. Ang Kendall Tau-b ang ginamit upang masuri ang iba't ibang relasyon sa pagitan ng mga baryabol sa pag-aaral. Ang Mann Whitney u-Test at Kruskal Wallis h-test naman ay ginamit para sa pagkakaiba ng mga baryabol sa pag-aaral.

4. Result and Discussion

4.1 Profile ng mga Respondent

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng profile ng mga respondent ayon sa edad, kasarian, dalas ng pagbasa at unang wika. Pinakamarami sa respondent ay nasa edad 20 hanggang 21 na may 66.90 bahagdan sa kabuuang 284 respondent. Ito ay sinundan naman ng 18 hanggang 19 gulang na may 21.50 bahagdan. Mayroon 21 respondent o 7.40 bahagdan ang may edad na 22 hanggang 23 at ang may mga edad 24 hanggang 25 ay binubuo ng 4.20 bahagdan lamang. Higit na nakararami ang mga babae respondent na may 228 o 80.30 bahagdan kaysa sa mga lalaking respondent na may bilang na 56 o 19.70 bahagdan.

Talahanayan 1*Ang Profile ng mga Respondent.*

| Profile | Frequency | Percentage |
|------------------------------------|-----------|------------|
| <u>Edad</u> | | |
| 18 – 19 | 61 | 21.50 |
| 20 – 21 | 190 | 66.90 |
| 22 – 23 | 21 | 7.40 |
| 24 – 25 | 12 | 4.20 |
| <u>Kasarian</u> | | |
| Babae | 228 | 80.30 |
| Lalaki | 56 | 19.70 |
| <u>Dalas Pagbasa</u> | | |
| Lubhang napakadaldas | 16 | 5.60 |
| Napakadaldas | 48 | 16.90 |
| Madalas | 164 | 57.80 |
| Madalang | 56 | 19.70 |
| <u>Unang Wika</u> | | |
| Tagalog | 154 | 54.20 |
| Ilocano | 118 | 41.60 |
| Ibanag | 6 | 2.10 |
| Itawes | 2 | 0.70 |
| Iba Pa (Ifugao, Bisaya at Punjabi) | 4 | 1.40 |

Makikita na pinakamarami sa mga respondent na may bilang na 57.80 bahagdan ay madalas na nagbabasa, sinundan naman nito ng 19.70 bahagdan ng mga madalang na nagbabasa at 16.90 bahagdan na napakadaldas na nagbabasa. Ang mga lubhang napakadaldas na nagbabasa ay may 5.60 bahagdan lamang sa kabuuan. Pinakamarami sa mga respondent na may 54.20 bahagdan ay Tagalog ang unang wika, na sinundan naman ng 41.60 bahagdan na mga Ilocano. Ang 2.10 bahagdan ay Ibanag ang unang wika at may 1.40 bahagdan na may unang wikang iba pa (Ifugao, Bisaya at Punjabi) at ang Itawes naman ay may bilang na 0.70 bahagdan.

4.2 *Antas ng Pag-unawa o Komprehensiyon ng mga Respondent***Talahanayan 2***Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral.*

| Dimensiyon sa Pagbasa | Iskor | Antas |
|-----------------------|-------|---------------|
| Pag-unawang Literal | 72.92 | Mahusay |
| Interpretasyon | 68.84 | Hindi Mahusay |
| Mapanuring pagbasa | 70.35 | Hindi Mahusay |
| Aplikasyon | 79.01 | Mahusay |
| Pagpapahalaga | 74.89 | Mahusay |
| Kabuuan | 73.20 | Mahusay |

Makikita sa Talahanayan 2 ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga respondent batay sa limang dimensiyon ng pagbasa tulad ng pag-unawang literal, interpretasyon, mapanuring pagbabasa, aplikasyon at pagpapahalaga. Ipinakikita ng kabuuang iskor na 73.20 na ang mga respondent ay mayroong mahusay na antas ng pang-unawa sa pagbasa. Ipinakikita ito na sa kabuuan ay mahusay ang mga respondent na iproseso at unawain ang pangkalahatang mensahe ng tekstong binabasa kabilang ang kakayahang unawain ang mga pahayag, suriin ang estilo ng pagkakasulat, iugnay ang mga ito sa sariling karanasan, at makabuo ng mga bagong kaisipan at pananaw mula sa tekstong binabasa.

Sa nakalap na datos, ang mga mag-aaral ay may mahusay na antas sa tatlong bahagi- pag-unawang literal, aplikasyon at pagpapahalaga. Sa pag-unawang literal, sila ay may iskor na 72.92 na ipinakikitang sila ay mahusay sa paggamit ng “*simple recall*” kung saan naisasagawa dito ang pagkilala at paggunita sa mga impormasyon at kaisipan tiyak na makikita at mababasa sa teksto. Sa aplikasyon, sila ay may iskor na 79.01 na nagsasabing mahusay ang mga respondent na iugnay ang nilalaman ng tekstong kanilang binabasa sa personal na karanasan kaya naman sila ay nakabubuo ng mga reaksiyon, kuru-kuro at ilang pang mga pananaw tungkol sa paksang binabasa. Sa aspeto ng pagpapahalaga, ang kanilang iskor ay 74.89. Samakatuwid, sila ay mahusay na kumilala sa kasiningan at kahusayan ng tekstong binabasa. Mahusay ang mga respondent na suriin ang teksto bilang produktong pansining

at nagagawa nilang kilalanin ang mga katangian at kahinaan ng teksto bilang isang sulating akademiko o pampanitikan.

Sa kabilang banda, mahihinuhanang sila ay hindi mahusay sa interpretasyon at mapanuring pagbasa na may iskors na 68.84 at 70.35. Ipinakikita ng resultang ito na hindi mahusay ang mga respondent sa pagkilala at pagbibigay kahulugan sa totoong mensahe ng tekstong kanilang binabasa lalo na kung ang mga ito ay hindi literal na nakalahad sa teksto at ginagamitan ng mga tayutay, eupemismo, idyoma at iba pa. Ipinakikita rin ng resultang ito na ang mga mag-aaral ay hindi mahusay sa pagkilala at pagsusuri sa totoong layunin ng teksto gayundin kakulangan nila ng kahusayan sa pagkilala sa opinyon, pantasya at katotohanan ng impormasyong nababasa. Ganito rin ang naging resulta ng pananaliksik nina Alqarni (2019), Bagaoisan (2019), Rivero (2016). Lumilitaw na ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay higit na mahusay sa dimensiyon na pag-unawang literal at pagpapahalaga. Higit na mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral na alalahanin ang mga impormasyong nakalahad sa teksto at tignan ang akda bilang produkto ng imahinasyon. Subalit, ang mag-aaral ay may kahinaan sa pagsusuri sa totoong mensahe ng teksto at may kahinaan din sa pagsusuri ng impormasyong nakabatay sa datos o opinyon lamang.

4.3 Pagkakaiba sa Antas ng Pag-unawa o Komprehensiyon ng mga Respondent kung sila ay nakagrupong batay sa Profile

Talahanayan 3

Pagkakaiba ng Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ayon sa Kanilang Edad.

| Dimensiyon sa Pagbasa | 18-19 | | 20-21 | | 22 - 23 | | 24-25 | | F | Sig. |
|------------------------|-------|-------|-------|-------|---------|-------|-------|-------|--------------------|------|
| | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | | |
| 1. Pag-unawang Literal | 72.62 | M | 73.58 | M | 69.05 | D | 70.83 | D | 0.51 ^{ns} | 0.68 |
| 2. Interpretasyon | 65.41 | D | 70.79 | D | 62.86 | LD | 65.83 | D | 2.08 ^{ns} | 0.10 |
| 3. Mapanuring pagbasa | 71.48 | M | 70.74 | D | 63.81 | LD | 70.00 | D | 0.83 ^{ns} | 0.48 |
| 4. Aplikasyon | 85.41 | N | 77.68 | M | 69.52 | D | 84.17 | N | 2.02 ^{ns} | 0.11 |
| 5. Pagpapahalaga | 78.85 | M | 73.84 | M | 70.95 | D | 78.33 | M | 0.94 ^{ns} | 0.42 |

^{ns}Not Significant LN=Lubhang napakahusay N=Napakahusay M=Mahusay D=Hindi mahusay LD=Lubhang di mahusay

Ipinakikita ng Talahanayan 3 ang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga respondent kung sila'y nakagrupong ayon sa kanilang edad. Makikita sa talahanayan na batay sa tinuos na f-value mula 0.83 hanggang 2.08 at significant level na mas mataas sa 0.05, pinagtibay ng pananaliksik na ito ang null hypothesis na pag-aaral na nagsasabing walang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga respondent kung sila'y nakagrupong batay sa kanilang edad. Ipinakikita nito na anomang edad kabilang ang mga respondent ay halos pareho lamang o walang pagkakaiba ang kakayahan, anong edad man sila kabilang, lalo na sa kasanayan na iproseso at unawain ang pangkalahatang mensahe ng tekstong binabasa kabilang ang kakayahang unawain ang mga pahayag, suriin ang estilo ng pagkakasulat, iugnay ang mga ito sa sariling karanasan, at makabuo ng mga bagong kaisipan at pananaw mula sa tekstong binabasa. Pinasusubalian ng pag-aaral na ito ang pananaliksik nina Bilbao at Vasay (2016), Rivero (2016) at Benwag (2013). Lumabas sa pag-aaral ni Rivero na may malaking pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pag-unawang pampanitikan ng mga mag-aaral kapag sila ay naipapangkat batay sa edad. Napatunayan niyang mas mataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral na nakatatanda kaysa nakababata. Ganito rin ang natuklasan ni Benwag sa kanyang pag-aaral na nagsasabing habang nagkakaedad ang mga mag-aaral ay tumataas ang kanilang antas ng pag-unawa.

Talahanayan 4

Pagkakaiba ng Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ayon sa Kanilang Kasarian.

| Dimensiyon sa Pagbasa | Babae | | Lalaki | | t | Sig. |
|------------------------|-------|---------------|--------|--------------------|-------|------|
| | Iskor | Antas | Iskor | Antas | | |
| 1. Pag-unawang Literal | 74.82 | Mahusay | 65.18 | Hindi Mahusay | 3.84* | 0.00 |
| 2. Interpretasyon | 70.79 | Hindi Mahusay | 60.89 | Lubhang Di-Mahusay | 3.50* | 0.00 |
| 3. Mapanuring pagbasa | 71.49 | Hindi Mahusay | 65.71 | Hindi Mahusay | 1.94* | 0.05 |
| 4. Aplikasyon | 80.70 | Mahusay | 72.14 | Mahusay | 1.99* | 0.05 |
| 5. Pagpapahalaga | 76.84 | Mahusay | 66.96 | Hindi Mahusay | 2.79* | 0.01 |

*Significant

Ipinakikita ng Talahanayan 4 ang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa ng mga respondent kung sila'y nakagrupong

ayon sa kanilang kasarian. Makikita sa talahanayan na ang tinuos na t-value mula 1.94 hanggang 3.84 at significance level na hindi tataas sa 0.05 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa ng mga respondent kung sila ay nakagrupong ayon sa kanilang kasarian. Dahil dito, hindi tinatanggap ng pag-aaral na ito ang null hypothesis na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga respondent kung sila ay nakagrupong ayon sa kanilang kasarian.

Mahihinuha sa resulta ng pananaliksik na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga babae at lalaking respondent. Batay pa sa talahanayan, matitiyak na ang mga babaeng respondent ay mayroong mas mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa sa limang dimensiyon nito kaysa sa mga lalaking respondent. Ito ay nakabatay sa iskor ng mga babaeng respondent mula 70.79 hanggang 80.70 na mas mataas kaysa sa iskor ng mga lalaking respondent mula 60.98 hanggang 72.14. Ipinakikita pa nito na sa kabuuan ay mas mahusay ang mga babaeng respondent ng pag-aaral na iproseso at unawain ang pangkalahatang mensahe ng tekstong binabasa kabilang ang kakayahang unawain ang mga pahayag, suriin ang estilo ng pagkakasulat, iugnay ang mga ito sa sariling karanasan, at makabuo ng mga bagong kaisipan at pananaw mula sa tekstong binabasa. Pinatatatag ng pag-aaral na ito ang pananaliksik nina Ishikawa, (2015) at Panaga (2012). Napatunayan sa kanilang pag-aaral na nakalalamang ang mga babaeng mag-aaral sa usapin ng metakognitibong estratehiya at komprehensiyon sa pagbasa. Pinasusubalian naman ng pananaliksik na ito ang resulta ng pananaliksik ni Bartlome (2017). Sa kaniyang pag-aaral, lumilitaw na walang makabuluhang pagkakaiba ang komprehensiyon ng mga mag-aaral kung nakagrupong ayon sa kanilang kasarian.

Talahanayan 5

Pagkakaiba ng Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ayon sa Kanilang Dalas ng Pagbasa.

| Dimensiyon sa Pagbasa | Lubhang Napakadaldas | | Napakadaldas | | Madalas | | Madalang | | F | Sig. |
|------------------------|----------------------|-------|--------------|-------|---------|-------|----------|-------|--------------------|------|
| | Score | Antas | Score | Antas | Score | Antas | Score | Antas | | |
| 1. Pag-unawang Literal | 78.75 | M | 80.42 | M | 71.77 | M | 68.21 | D | 5.53* | 0.00 |
| 2. Interpretasyon | 71.25 | M | 76.04 | M | 68.41 | D | 63.21 | LD | 4.04* | 0.01 |
| 3. Mapanuring Pagbasa | 78.13 | M | 74.58 | M | 71.16 | D | 62.14 | LD | 4.93* | 0.00 |
| 4. Aplikasyon | 73.75 | M | 90.42 | LN | 78.66 | M | 71.79 | D | 3.94* | 0.01 |
| 5. Pagpapahalaga | 79.38 | M | 81.25 | N | 74.45 | M | 69.46 | D | 2.31 ^{ns} | 0.08 |

*Significant nsNot Significant LN=Lubhang napakahusay N=Napakahusay M = Mahusay D = Hindi mahusay LD = Lubhang di mahusay

Makikita sa Talahanayan 5 ang pagkakaiba ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga respondent kung sila'y nakagrupong ayon sa kanilang dalas sa pagbasa. Makikita sa talahanayan na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga respondent sa dimensiyon ng pagpapahalaga batay sa resulta ng tinuos na f-test na 2.31 at significant level na 0.08. Ipinakikita nito na halos pantay ang antas ng kakayahan ng mga respondent na suriin ang kanilang binabasa bilang produktong pansining at/ pang-akademiko. Dahil dito, tinatanggap ng pag-aaral ang null hypothesis na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga respondent partikular sa aspeto ng pagpapahalaga kung sila'y nakagrupong ayon sa kanilang dalas ng pagbasa.

Mahihinuha naman sa talahanayan na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga respondent partikular sa dimensiyon ng pag-unawang literal, interpretasyon, mapanuring pagbasa at aplikasyon. Nakabatay ito sa resulta ng tinuos na f-test mula 3.94 hanggang 5.53 at significance level na hindi tataas sa 0.01. Dahil sa resultang ito, pinasusubalian ng pag-aaral ang null hypothesis na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga respondent kung sila ay nakagrupong ayon sa kanilang dalas sa pagbasa. Makikita pa rin sa talahanayan na sa pagitan ng mga respondent, ang mga napakadaldas magbasa ang mayroong mas mataas na antas sa mga dimensiyon ng pag-unawang literal, interpretasyon at aplikasyon. Ipinakikita ng resultang ito na ang mga respondent na napakadaldas magbasa ay mayroong mas mataas na kakayahang alalahanin ang mga impormasyon at detalyeng tiyak na makikita sa teksto, may kakayahang unawain ang totong kahulugan ng mensahe ng teksto, tahasan man o hindi man nakalahad sa teksto at may kakayahang iugnay sa personal na karanasan ang tekstong binabasa. Sa kabilang dako, makikita pa rin sa talahanayan na ang mga lubhang napakadaldas magbasa ay mayroong mas mataas na antas ng pag-unawa sa dimensiyon ng mapanuring pagbasa. Nangangahulugan ito na ang mga respondent na lubhang napakadaldas magbasa ay mayroong mas mataas na kakayahang suriin ang tekstong binabasa at mayroong kakayahang tukuyin ang mga impormasyong batay sa

opinyon, pantasya at katotohanan.

Sinasang-ayunan ng pag-aaral na ito ang resulta ng pananaliksik ni Bagaoisan (2021). Natuklasan sa kanyang pag-aaral na mas mataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral na higit na madalas magbasa. Nakatutulong ang dalas ng pagbasa ng tula, nobela, sanaysay, at talambuhay upang mapaunlad ang kakayahan sa interpretasyon, mapanuring pagbasa at aplikasyon. Pinatatag din ng pananaliksik na ito ang natuklasan ni Pasenos (2020). Sa kanyang pananaliksik, higit na mataas ang performans sa pagbasa ng mga mag-aaral na mas madalas magbasa ng iba't ibang akdang akademiko at pampanitikan.

Talahanayan 6

Pagkakaiba ng Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ayon sa Kanilang Unang Wika.

| Dimensiyon ng Pagbasa | Tagalog | | Ilocano | | Ibanag | | Itawes | | Iba Pa | | F | Sig. |
|-----------------------|---------|-------|---------|-------|--------|-------|--------|-------|--------|-------|-------------------|------|
| | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | | |
| Pag-unawang | | | | | | | | | | | | |
| Literal | 73.05 | M | 73.47 | M | 56.67 | LD | 75.00 | M | 75.00 | M | 1.4 ^{ns} | 0.24 |
| Interpretasyon | 69.42 | D | 68.73 | D | 55.00 | LD | 65.00 | LD | 72.50 | M | 0.8 ^{ns} | 0.49 |
| Mapanuring Pagbasa | 71.56 | M | 69.15 | D | 60.00 | LD | 80.00 | M | 70.00 | D | 0.7 ^{ns} | 0.55 |
| Aplikayon | 79.87 | M | 78.31 | M | 83.33 | N | 85.00 | LN | 57.50 | LD | 0.6 ^{ns} | 0.63 |
| Pagpapahalaga | 75.00 | M | 75.68 | M | 63.33 | LD | 80.00 | M | 62.50 | LD | 0.6 ^{ns} | 0.62 |

^{ns}Not Significant LN=Lubhang napakahusay N = Napakahusay M = Mahusay D = Hindi mahusay LD = Lubhang di mahusay

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita sa pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga respondent kung sila ay nakagrupong ayon sa kanilang unang wika. Makikita sa talahanayan na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga respondent kung sila ay nakagrupong ayon sa kanilang unang wika. Nakabatay ito sa resulta ng tinuos na f-value mula 0.6 hanggang 1.4 at significant level na mas mataas sa 0.05. Dahil dito, pinagtibang nito ang null hypothesis ng pananaliksik na nagsasabing wilang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga respondent kung sila ay nakagrupong ayon sa kanilang unang wika. Nangangahulugan ito na halos hindi magkakaiba o halos pantay ang kakayahan ng mga respondent, anoman ang kanyang unang wika, na iproseso at unawain ang pangkalahatang mensahe ng tekstong binabasa kabilang ang kakayahang unawain ang mga pahayag, suriin ang estilo ng pagkakasulat, iugnay ang mga ito sa sariling karanasan, at makabuo ng mga bagong kaisipan at pananaw mula sa tekstong binabasa. Sinasang-ayunan ng pag-aaral na ito ang pananaliksik ni Bartolome (2017). Napatunayan sa kanyang pananaliksik na walang anomang epekto ang unang wika ng mag-aaral sa kanyang kakayahan sa pagbasa. Nangangahulugan ito na anoman ang unang wika ng mag-aaral ay wala itong epekto sa kanyang antas ng pag-unawa sa pagbasa.

4.4 Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral

Talahanayan 7

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral.

| Kasanayan sa Pagbasa | Iskor | Antas |
|---|-------|--------------------|
| Hulwaran ng teksto | 72.08 | Mahusay |
| Pag-uuri ng mga ideya at detalye | 43.35 | Lubhang di-mahusay |
| Pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto. | 45.39 | Lubhang di-mahusay |
| Pagkilala sa pagkakaiba ng opinyon at katotohanan. | 48.35 | Lubhang di-mahusay |
| Pagbibigay ng interpretasyon sa mapa, tsart, graph at talahanayan | 70.99 | Hindi mahusay |
| Kabuan | 56.03 | Lubhang di-mahusay |

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga respondent. Makikita sa kabuuang iskor na 56.03 na lubhang hindi mahusay ang mga respondent sa limang aspeto ng kasanayan sa pagbasa. Ipinakikita nito na sa kabuuan, ang mga respondent ay lubhang hindi mahusay sa pag-uuri ng ideya at mga pansuportang detalye, pagkilala at pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto, pagsusuri sa pagkakaiba ng opinyon at katotohanan at pagbibigay ng interpretasyon sa mapa, tsart, graph at mga talahanayan. Sa kabilang dako, makikita pa rin sa talahanayan na ang mga mag-aaral ay mayroong mahusay na kasanayan sa aspeto ng hulwaran ng teksto. Ito ay nakabatay sa iskor ng mga mag-aaral na 72.08. Ipinakikita ito na ang mga respondent ay mahusay na kumilala sa uri at pagkakabuo ng tekstong binasa katulad ng depinisyon, pag-iisa-isa, enumerasyon,

pagsusunod-sunod, paghahambing at pagkokontrast, sanhi at bunga. Iba naman ang napatunayan sa pag-aaral ni Berganio (2014). Natuklasan ng kaniyang pag-aaral na ang mga respondent ay nagpakita ng mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa sa pagkilala ng salita, pagbabaybay, pagbigkas, at pagbasa ng mga pangungusap.

4.5 Pagkakaiba sa Kasanayan sa Pagbasa ng mga Respondent kung Nakagrupa sila batay sa Profile

Talahanayan 8

Pagkakaiba ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ayon sa Kanilang Edad.

| Kasanayan sa Pagbasa | 18-19 | | 20-21 | | 22 - 23 | | 24-25 | | F | Sig. |
|--|-------|-------|-------|-------|---------|-------|-------|-------|--------------------|------|
| | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | | |
| 1. Hulwaran ng teksto | 70.66 | D | 73.74 | M | 61.43 | LD | 71.67 | M | 1.35 ^{ns} | 0.26 |
| 2. Pag-uuri ng mga ideya at detalye | 38.03 | LD | 44.42 | LD | 46.19 | LD | 48.33 | LD | 2.61* | 0.05 |
| 3. Pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto. | 43.11 | LD | 46.00 | LD | 43.81 | LD | 50.00 | LD | 0.50 ^{ns} | 0.69 |
| 4. Pagkilala sa pagkakaiba ng opinion at katotohanan. | 49.18 | LD | 48.63 | LD | 47.62 | LD | 40.83 | LD | 0.45 ^{ns} | 0.72 |
| 5. Pagbibigay ng interpretasyon sa mapa, tsart, graph at talahanayan | 81.64 | N | 68.42 | D | 63.81 | LD | 70.00 | D | 4.31* | 0.01 |

*Significant ^{ns}Not Significant M = Mahusay D = Hindi mahusay LD = Lubhang di mahusay

Ipinakikita ng Talahanayan 8 ang pagkakaiba ng kasanayan sa pagbasa ng mga respondent kung sila'y igugrupo ayon sa kanilang edad. Makikita sa talahanayan na kung igugrupo ang mga respondent ayon sa kanilang edad ay mayroong makabuluhang pagkakaiba ang kanilang kasanayan sa pag-uuri ng mga ideya at detayle at kasanayan sa pagbibigay ng kahulugan sa mapa, tsart, graph at talahanayan. Pinatutunayan ito ng resulta ng tinuos na f-value na 2.61 at 4.31 at significance level na hindi tataas sa 0.05 at hindi naman bababa sa 0.01. Nangangahulugan ito na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang kasanayan ng mga respondent sa pag-uuri ng mga ideya at detayle at kasanayan sa pagbibigay ng kahulugan sa mapa, tsart, graph at talahanayan kung sila'y nakagrupa ayon sa kanilang edad. Mahihinuha pa sa talahanayan na sa pagitan ng mga respondent, ang mga respondent na may edad 24 hanggang 25 ang mayroong pinakamataas na kasanayan sa mga aspetong ito na pinatutunayan ng kanilang iskor na 48.33 at 70.00. Maipapalagay na ang mas matatandang respondent ng pag-aaral ay mayroong mas mataas na kasanayan na kilalanin ang mga pangunahin at pansuportang detayle sa teksto. Nakalalamang din ang kasanayan ng higit na nakatatandang respondent sa pagpapakahulugan ng mga mapa, tsart, graph at talahanayang lakip ng tekstong binabasa. Pinasubalian ito sa pag-aaral ni Berganio (2014). Natuklasan ng kaniyang pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan ang antas ng kasanayan sa pagbasa at ang edad ng mga mag-aaral. Ganito rin ang lumitaw sa pag-aaral ni Pasenos (2020). Natuklasan sa kanyang pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino sa pagbasa batay sa kanilang edad kaya naman ipinayo niya na sa paghahanda ng mga kagamitang panturo sa pagbasa ay huwag isaalang-alang ang edad ng mga mag-aaral.

Talahanayan 9

Pagkakaiba sa Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ayon sa Kanilang Kasarian.

| Kasanayan sa Pagbasa | Babae | | Lalaki | | t | Sig. |
|--|-------|--------------------|--------|--------------------|--------------------|------|
| | Iskor | Antas | Iskor | Antas | | |
| 1. Hulwaran ng teksto | 72.81 | Mahusay | 69.11 | Hindi Mahusay | 0.90 ^{ns} | 0.37 |
| 2. Pag-uuri ng mga ideya at detalye | 44.61 | Lubhang Di-Mahusay | 38.21 | Lubhang Di-Mahusay | 2.44* | 0.02 |
| 3. Pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto. | 46.32 | Lubhang Di-Mahusay | 41.61 | Lubhang Di-Mahusay | 1.47 ^{ns} | 0.14 |
| 4. Pagkilala sa pagkakaiba ng opinion at katotohanan. | 49.17 | Lubhang Di-Mahusay | 45.00 | Lubhang Di-Mahusay | 1.19 ^{ns} | 0.23 |
| 5. Pagbibigay ng interpretasyon sa mapa, tsart, graph at talahanayan | 73.07 | Mahusay | 62.50 | Lubhang Di-Mahusay | 2.63* | 0.01 |

*Significant ^{ns}Not Significant M = Mahusay D = Hindi mahusay LD = Lubhang di mahusay

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita sa pagkakaiba ng kasanayan sa pagbasa ng mga respondent kung sila ay nakagrupong ayon sa kanilang kasarian. Makikita mula sa talahanayan na kung igugrupo ayon sa kasarian ang mga respondent ay mayroong makabuluhang pagkakaiba ang kanilang kasanayan sa sa pag-uuri ng mga ideya at detayle at kasanayan sa pagbibigay ng kahulugan sa mapa, tsart, graph at talahanayan. Pinatutunayan ito ng resulta ng tinuos na t-value na 2.44 at 2.63 at significance level na hindi tataas sa 0.02 at hindi naman bababa sa 0.01. Nangangahulugan ito na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang kasanayan ng mga respondent sa pag-uuri ng mga ideya at detayle at kasanayan sa pagbibigay ng kahulugan sa mapa, tsart, graph at talahanayan kung sila'y nakagrupong ayon sa kanilang kasarian. Mahihinuha pa sa talahanayan na sa pagitan ng mga respondent, ang mga babaeng respondent ang mayroong mas mataas na kasanayan sa mga aspetong ito na pinatutunayan ng kanilang iskor na 44.61 at 73.07. Maipapalagay na ang mga babaeng respondent ng pag-aaral ay mayroong mas mataas na kasanayan na kilalanin ang mga pangunahin at pansuportang detayle sa teksto. Nakalalamang din na ang kasanayan ng mga babaeng respondent ay mas mataas sa pagpapakahulugan ng mga mapa, tsart, graph at talahanayang lakip ng tekstong binabasa. Pinatataag ng pag-aaral na ito ang mga naunang pag-aaral nina Labad (2016) at Imam *et al.* (2015). Sa kani-kanilang mga pag-aaral, lumilitaw ang pangigingabaw ng mga babae sa iba't ibang kasanayan na may kaugnayan sa pagbabasa. Kabilang sa mga ito ang pagbibigay ng angkop ka pag-unawa sa mensahe ng teksto, pagpapakahulugan sa terminong ginamit at iba pa.

Talahanayan 10

Pagkakaiba ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ayon sa Kailang Dalas ng Pagbasa.

| Kasanayan sa Pagbasa | Lubhang Napakadaldas | | Napakadaldas | | Madalas | | Madalang | | F | Sig. |
|--|----------------------|-------|--------------|-------|---------|-------|----------|-------|--------------------|------|
| | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | | |
| 1. Hulwaran ng teksto | 81.25 | N | 71.46 | M | 72.99 | M | 67.32 | D | 1.23 ^{ns} | 0.30 |
| 2. Pag-uuri ng mga ideya at detalye | 48.13 | LD | 46.25 | LD | 42.99 | LD | 40.54 | LD | 1.32 ^{ns} | 0.27 |
| 3. Pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto. | 51.88 | LD | 50.42 | LD | 43.41 | LD | 45.00 | LD | 1.83 ^{ns} | 0.14 |
| 4. Pagkilala sa pagkakaiba ng opinion at katotohanan. | 38.13 | LD | 48.13 | LD | 47.99 | L | 52.50 | LD | 1.63 ^{ns} | 0.18 |
| 5. Pagbibigay ng interpretasyon sa mapa, tsart, graph at talahanayan | 65.00 | D | 77.71 | M | 72.62 | M | 62.14 | LD | 3.48* | 0.02 |

*Significant ^{ns}Not Significant M = Mahusay D = Hindi mahusay LD = Lubhang di mahusay

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita sa pagkakaiba ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kung sila ay nakagrupong ayon sa kanilang dalas ng pagbasa. Makikita sa talahanayan na kung igugrupo ang mga respondent ayon sa kanilang dalas sa pagbasa ay mayroong makabuluhang pagkakaiba ang kanilang kasanayan sa pagpapakahulugan sa mga mapa, tsart, graph, at talahanayan. Ito ay nakabatay sa resulta ng tinuos na f-test na 3.48 at significance level na 0.02. Ipinakikita nito na ang kasanayan sa pagpapakahulugan sa mga mapa, tsart, graph, at talahanayan ay magkakaiba batay sa kanilang dalas ng pagbabasa. Mahihinuha mula sa talahanayan na ang mga respondent na lubhang napakadaldas magbasa ay mayroong mas mataas na kasanayan sa sa pagpapakahulugan sa mga mapa, tsart, graph, at talahanayan. Ito ay nakabatay sa kanilang iskor na 65.00. Maipapalagay na ang mga respondent na mas madalas magbasa ay nakapagpapaunlad ng kasanayan upang makapagbigay ng angkop na interpretasyon sa mga mapa, tsart, graph at talahanayan na karaniwang nakalangkap sa mga tekstong binabasa.

Ipinakikita ng Talahanayan 11 ang pagkakaiba sa kasanayan ng mga respondent kung sila'y igugrupo ayon sa kanilang unang wika. Makikita mula sa talahanayan na ang anomang aspeto sa kasanayan sa pagbasa ng mga respondent ay walang makabuluhang pagkakaiba kung sila ay igurgupo ayon sa kanilang unang wika. Nakabatay ito sa resulta ng tinuos na f-value mula 0.21 hanggang 1.39 at significance level na higit na mataas sa 0.05. Batay sa resulta, anoman ang unang wika ng mga respondent at halos pantay at magkatulad lamang ang kanilang kasanayan sa pagkilala sa hulwaran ng teksto, pag-uuri ng ideya at mga pansuportang detalye, pagkilala at pagtiyak

sa damdamin, tono at pananaw ng teksto, pagsusuri sa pagkakaiba ng opinyon at katotohanan at pagbibigay ng interpretasyon sa mapa, tsart, graph at mga talahanayan. Dahil dito, pinagtitibay ang null hypothesis ng pag-aaral na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba ang kasanayan ng mga respondent sa pagbasa kung sila'y igugrupo ayon sa kanilang unang wika.

Talahanayan 11

Pagkakaiba sa Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ayon sa Kanilang Unang Wika.

| Kasanayan sa Pagbasa | Tagalog | | Ilocano | | Ibanag | | Itawes | | Iba Pa | | F | Sig. |
|--|---------|-------|---------|-------|--------|-------|--------|-------|--------|-------|--------------------|------|
| | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | Iskor | Antas | | |
| 1. Hulwaran ng teksto | 72.08 | M | 72.54 | M | 65.00 | D | 80.00 | M | 65.0 | D | 0.21 ^{ns} | 0.93 |
| 2. Pag-uuri ng mga ideya at detalye | 41.95 | LD | 45.51 | LD | 33.33 | LD | 55.00 | LD | 42.5 | LD | 1.39 ^{ns} | 0.24 |
| 3. Pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto. | 45.06 | LD | 46.69 | LD | 35.00 | LD | 35.00 | LD | 40.0 | LD | 0.64 ^{ns} | 0.63 |
| 4. Pagkilala sa pagkakaiba ng opinion at katotohanan. | 49.87 | LD | 46.78 | LD | 50.00 | LD | 20.00 | LD | 47.5 | LD | 1.04 ^{ns} | 0.39 |
| 5. Pagbibigay ng interpretasyon sa mapa, tsart, graph at talahanayan | 70.00 | D | 72.03 | M | 83.33 | N | 70.00 | D | 60.0 | LD | 0.56 ^{ns} | 0.69 |

*Significant ns Not Significant M = Mahusay D = Hindi mahusay LD = Lubhang di mahusay

4.6 Relasyon sa Pagitan ng Antas ng Pag-unawa o Komprehensiyon at Kasanayan sa Pagbasa ng mga Respondent

Talahanayan 12

Relasyon sa pagitan ng Antas ng Pag-unawa at Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral.

| Antas ng Pag-unawa | Kasanayan 1 | | Kasanayan 2 | | Kasanayan 3 | | Kasanayan 4 | | Kasanayan 5 | |
|------------------------|-------------|------|-------------|------|-------------|------|-------------|------|-------------|------|
| | Corr. | Sig. | Corr. | Sig. | Corr. | Sig. | Corr. | Sig. | Corr. | Sig. |
| 1. Pag-unawang Literal | 0.44* | 0.00 | 0.60* | 0.00 | 0.66* | 0.00 | 0.53* | 0.00 | 0.73* | 0.00 |
| 2. Interpretasyon | 0.29* | 0.00 | 0.42* | 0.00 | 0.43* | 0.00 | 0.34* | 0.00 | 0.44* | 0.00 |
| 3. Mapanuring Pagbasa | 0.19* | 0.00 | 0.38* | 0.00 | 0.42* | 0.00 | 0.58* | 0.00 | 0.56* | 0.00 |
| 4. Aplikasyon | 0.23* | 0.00 | 0.32* | 0.00 | 0.28* | 0.00 | 0.42* | 0.00 | 0.38* | 0.00 |
| 5. Pagpapahalaga | 0.37* | 0.00 | 0.46* | 0.00 | 0.49* | 0.00 | 0.59* | 0.00 | 0.59* | 0.00 |

*Significant

Ipinakikita ng Talahanayan 12 ang relasyon sa pagitan ng antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagbasa ng mga respondent. Mahihinuha mula sa talahanayan na mayroong makabuluhan at tiyak o positibong ugnayan ang limang dimensiyon sa pagbasa sa limang tiyak na kasanayan sa pagbasa. Ipinakikita ito ng tinuos na correlational value mula 0.19 hanggang 0.44 para sa unang kasanayan, 0.32 hanggang 0.60 para sa ikalawang kasanayan, 0.28 hanggang 0.66 para sa ikatlong kasanayan, 0.34 hanggang 0.59 para sa ikaapat na kasanayan at 0.38 hanggang 0.73 para sa ikalimang kasanayan at may pare-parehong significance level na 0.00. Dahil sa resultang ito, pinasusubalian ang null hypothesis ng pag-aaral na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagbasa ng mga respondent.

Mula sa resulta ng pananaliksik, maipapalagay na mayroong mataas na posibilidad na habang umuunlad ang kakayahan ng mga respondent na alalahanin ang mga tiyak na detalye at impormasyong nakalahad sa teksto, unawain ang totoong mensahe ng tekstong binababasa, masuri ang nilalaman ng teksto at maiugnay ito sa personal na karanasan at masuri ang tekstong binabasa bilang produktong pansining ay mapapauunlad din nito ang kanyang mga kasanayan sa pagbasa tulad ng pagsusuri sa hulwaran ng teksto, pagkilala sa mga pangunahin at pansuportang detalye, pagkilala sa mga impormasyong nakabatay sa opinyon at katotohanan at pagbibigay ng kahulugan sa mga mapa, tsart, graph at talahanayang nakalangkap sa tekstong binabasa.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay sang-ayon sa resulta ng pag-aaral nina Saraos (2020), Bagaoisan (2019),

at Bartolome (2017). Sa kanilang pag-aaral, napatunayan ang makabuluhan at positibong ugnayan sa pagitan ng komprehensiyon at kasanayan sa pagbasa. Binabanggit sa kani-kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na mayroong mas mataas na kakayahang kilalanin ang kahulugan ng mga salita, pahiwatig, simbolo, maging ang mga nakatagong ideya ng teksto ay yaong mga mag-aaral na mayroong mataas na performans sa pagbasa.

5. Conclusion

Makabuluhan ang gawain at kasanayan sa pagbasa sapagkat nagluluwal ito ng mga kaalaman at kakayahang magagamit upang maging matagumpay sa ibang larangan tungo sa epektibong pakikilahok sa lipunang kinabibilangan. Pinatutunayan sa pananalik na ito na nakapokus sa pagsusuri sa antas ng komprehensiyon at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na ang mga babae ay mayroong higit na mataas na antas ng komprehensiyon at kasanayan sa pagbasa partikular ang pagbibigay interpretasyon sa mapa, tsart, grap at talahanayan at sila ay lubhang di mahusay sa pag-uuri ng mga ideya at detalye, pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto at pagkilala sa pagkakaiba ng opinyon at katotohanan. Bukod pa rito, napatunayan din na ang mga mag-aaral na naglalaan ng mas mahabang oras sa pagbabasa ay mayroon ding mas mataas na antas ng komprehensiyon at kasanayan sa pagbasa kaysa sa ibang mag-aaral. Wala namang nakitang pagkakaiba sa kasanayan sa pagbasa at antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral kung sila ay nakagrupo batay sa kabilang unang wika. Sa kabuuan, pinatutunayan sa pananaliksik na ito ang kasanayan sa pagbasa ay mayroong positibong relasyon sa antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na ang kakayahan ng mga mag-aaral na umuri ng tekstong binabasa, gayundin ang kakayahang tumukoy ng pangunahin o mga tiyak na ideya, detalye at impormasyon o ang pagtukoy sa emosyong nakapaloob sa teksto ay nakatutulong upang maunawaan ng mag-aaral ang tekstong binabasa at magkaroon ng kakayahang iugnay ito sa totoong buhay, makabuo ng mga bagong pananaw at magamit ang mga ito sa kanyang personal na karanasan. Dagdag pa rito, ang kakayahan din ng mga mag-aaral tumukoy ng mga ideyang nakabatay sa empirikal na datos o opinyong lamang ng manunulat at ang kakayahang magbigay ng angkop na kahulugan ng mga mapa, tsart at iba pang biswal na kalakip ng teksto ay nakatutulong upang mapataas ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral.

Makikita mula sa resulta ng pananaliksik ang halaga ng dulog sa pagtuturo partikular sa sining ng pagtatanong at pokus ng pagtuturo. Mahalaga kung ganon ang papel na ginagampanan ng guro sa kabuuan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at komprehensiyon ng mga mag-aaral. Isa sa mahalagang aspeto na dapat bigyan pansin ang sining ng pagtatanong. Makabubuti kung gayon na umiwas sa mga tanong na lubhang nakapokus sa pag-alala ng mga tiyak na detalyeng makikita mismo sa teksto. Bagkus, maglaan ng sapat na pagkakataon upang ang mga mag-aaral ay makapagsuri sa mga nakatagong mensahe at pagkiling sa teksto. Mahalaga ang mga ito upang matiyak na nagkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na sumailalim sa replektibo at refleksibong proseso ng pag-iisip tungo sa pagbubuo ng mga personal na pananaw na hinango sa tekstong binasa. Bukod pa rito, mahalaga ring naisasakonteksto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng multimodal na pamamaraan ang paksa ng tekstong binabasa. Makabuluhan kung gayon na ang mga tanong at gawaing nakalaan sa klase ay iyong mayroong kaugnayan sa kanilang personal na buhay o iyong mga totoong nagaganap sa lipunang kanilang kinabibilangan. Sa pamamagitan ng mga pagpoprosesong ito, higit namapatataas ang komprehensiyon ng mga mag-aaral.

Dahil ang antas kolehiyo ay higit na nakapokus sa mga akademiko at teknikal na babasahin, higit na makatutulong kung junior at senior high school pa lamang ay magkaroon na ng mga karanasan ang mag-aaral na magbasa ng tsart, mapa, talahanayan at iba pang kaugnay na materyales. Makatutulong ito upang maging magaan ang transisyon sa uri ng babasahing makakasalamuha ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, mahalaga ring pagtuunan ng guro ang pagpapaunlad sa iba pang kasanayan sa pagbasa tulad ng pagtukoy sa mga pangunahin at pantulong na impormasyon, pagsusuri sa mga impormasyong batay sa opinyo o katotohanan at pagkilala sa damdamin o pagkiling ng tekstong binabasa. Makatutulong dito ang paggamit ng mga tekstong mayroong iba't ibang hulwaran at pagsusuri sa mga ito gamit ang iba't ibang pamamaraan, instrumento at aplikasyon. Mahalaga ito upang matugunan ang pangangailangan ng mag-aaral na makabuo ng positibo at makabuluhang pagtingin at kasanayan sa pagbasa.

Recommendation - Mula sa mga natuklasan sa pananaliksik na ito, ang sumusunod na mga mungkahi ang nabuo:

- Sa mga mag-aaral, ipinapayo ang paglalaan ng mahaba-haba at tiyak na oras at panahon sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng teksto.
- Sa mga guro sa panitikan, ipinapayo na magbigay ng iba't ibang uri ng teksto na babasahin ng mga mag-aaral sa gawaing pagbabasa na aakma sa kanilang edad.
- Sa mga guro, iminumungkahi na bigyan tuon ang sining ng pagtatanong na magpopokus sa pagpapaunlad ng pag-unawang interpretasyon at mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral.
- Sa mga guro, iminumungkahi na magsagawa ng kolaboratibong pagkatuto na nakapokus sa pagpapalalim ng pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto at pagkilala sa pagkakaiba ng opinyon at katotohanan.
- Sa mga guro, iminumungkahi na magsagawa ng “remedial reading program” na lilingang sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-uuri ng mga ideya at detalye,
- Sa mga guro, iminumungkahi na gamitin ang estratehiyang “Think-Pair-Share” kung saan isasama ang mga lalaking mag-aaral sa mga babaeng mahusay sa pagbabasa at magbabahagi ng mga ideya tungkol sa kanilang binasa.
- Sa paaralan, ipinapayo na maglaan ng seminar para sa guro na nakatuon sa pagpapahusay sa estilo ng pagtatanong, estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at ebalwasyon sa pagbasa.
- Para sa mga sumusunod na mananaliksik, iminumungkahi na magsagawa pa ng kaugnay na pag-aaral sa pagbasa.

6. References

- Akbaşlı, S., Şahin, M., & Yaykiran, Z. (2016). The effect of reading comprehension on the performance in Science and Mathematics. *Journal of Education and Practice*, 7(16), 108-121.
- Alqarni, I. R. (2019). Receptive vocabulary size of male and female Saudi English major graduates. *International Journal of English Linguistics*, 9(1), 111-119.
- Bagaoisan, R. R. (2019). Antas ng pag-unawang pampanitikan ng mga mag-aaral sa Isabela State University- Echague, Isabela. *Di-Nalathalang Tesis mula sa Isabela State University, Echague, Isabela*.
- Bartolome, R. T. (2017). Kasanayan sa pagbasa ng mga senior high school sa distrito ng Jones at San Agustin. *Di-Nalimbag na Tesis. Isabela State University*.
- Benwag, G. A. (2013). Reading comprehension of the grades 1 to 3 pupils of Philippine Yuh Chiau School. *Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University*.
- Berganio, E. R. (2014). Reading readiness of special science elementary school and special education kindergarten of Cauayan South Central School. *Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University, Echague, Isabela*.
- Bernales, R., Atienza, G., & Talegon, V. (2008). *Kritikal na pagbasa at lohikal na pagsulat tungo sa pananaliksik*. Mutya Publishing House, Inc.
- Bilbao, M. E. M. & Vasay, M. J. G. (2016). Level of reading comprehension of the education students. *International Journal of Liberal Arts, Education, Social Sciences and Philosophical Studies*, 4(1), 343-353.
- Camino, M. C., Laro, B. A., Reyes, A. T., & Pingot, L. P. S. (2024). Enhancing reading comprehension in Filipino among grade 3 learners through multisensory approach. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 51(8), 281-303.
- Caringal, M. B. & Carada, I. G. (2024). Kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo at antas ng

- pag-unawa sa pagbasa. *International Journal of Research Studies in Education*, 12(15), 59-70.
- Carranza, E. F., Manga, A. A.; Dio, R. V., Jamora, M. J. A., & Romero, F. S. (2015). Vocabulary learning and strategies used by teacher education students. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(2), 49-55.
- Concepcion, W., Abuda, J. A., Alcaraz, H. R., Asildo, A. C. M., Atiga, C., Austria, J. S., Bacabac, J. & Concepcion, M. N. (2025). Kolaboratibong-resiprokal na interbensiyon sa pagtuturo: Pagpapaunlad sa komprehensiyon ng mga mag-aaral sa baiting 7. *International Journal of Research Studies in Education*, 14(1), 231-241.
- Dela Cruz, J. Y. S., Domingo, E. V., Bontoc, R. P., Beason, J. E., & Quizon, A. M. C. (2026). Reading comprehension and academic performance of students. *World Journal of Advanced Research and Reviews*, 29(01), 757-767.
- De Vera, B. O. (2022, April 1). Lockdown's Impact: UNICEF's Cites Poor Reading Skills among Ph Kids. *Inquirer.Net*.
- Gelilio, E., & Janer S. (2021). Pagdalumat sa kalagayang pedagogikal sa akademikong Filipino sa transformatibong kadawyan. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(16), 33-40.
- Guillermo, R. G. (2009). Reading abilities of first year students of Saguday National High School, Saguday, Quirino. *Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University, Echague, Isabela*.
- Guimba, W. D. & Alico, J. C. (2015). Reading anxiety and comprehension of grade 8 Filipino learners. *International Journal of Humanities and Social Sciences*, 17, 44 – 59.
- Imam, O. A., Mastura, M. A., Jamil, H., & Ismail, Z. (2014). Reading comprehension skills and performance in science among high school students in the Philippines. *Asia Pacific Journal of Educators and Education*, 29, 81-94.
- Ishikawa, Y. (2015). Gender differences in vocabulary use in essay writing by university students. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, 192, 593-600.
- Labad, V. S. (2016). Students' socioeconomic status, vocabulary knowledge and reading comprehension.
- Limos, D. R. S. (2015). Metacognitive strategies and reading comprehension of freshman students. *Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University*.
- Mirasol, R. G. (2019). Vocabulary size, reading motivation, reading attitudes and reading comprehension performance among Filipino college learners of English. *International Journal of Evaluation and Research in Education*, 8(1), 64-70.
- Panaga, E. S. (2012). Pupils' reading proficiency and teachers' motivational level in elementary schools of Echague, Isabela. *Di-Nalathalang Tesis ng Isabela State University*, 73.
- Pasenos, D. T. (2020). Antas ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Palanan National High School. *Di-Nalathalang Tesis mula sa Isabela State University, Echague, Isabela*.
- Perez, H. (2019). Pagpapaunlad sa kakayahan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa grade 8 sa pamamagitan ng estratehiyang sama-samang Pagkatuto. *Department of Education*.
- Rivero, R. R. (2016). Literary reading comprehension skills of students at School of Saint Joseph (Naguilian, Isabela), Inc. *Di-Nalathalang Tesis sa Isabela State University*.
- San Juan, R. (2019). DepEd Welcomes PISA Results, Recognizes "Gaps" in Education Quality. <https://www.philstar.com/headlines/2019/12/04/1974229/deped-welcomes-pisa-results-recognizes-gaps-education-quality>
- Saraos, P. (2021). Kasanayan sa bokabularyo, antas ng pag-unawa at akademikong performans ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Raniag High School. *Di-Nalimbag na Tesis. Isabela State University*.
- Sunio, C. R. & Guzman, R. B. (2024). Lawak ng bokabularyo at antas ng pag-unawa ng piling pampublikong mag-aaral sa Filipino. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research*, 10(4), 298-303.
- Villanueva, L. A. A. (2025). Exploring the relationship between reading comprehension skills and academic performance among UV-D education students: a mixed-methods study. *International Journal of Research and Innovation in Applied Science*, 10(1), 198-215.

